Isang Gabay ng Magulang Para sa Pag-unawa sa

Initial English Language Proficiency Assessments for California (ELPAC)

Alam namin na maraming dalang kalakasan ang iyong anak sa paaralan, at maaaring kailangan din niya ang dagdag na suporta sa silid-aralan.

Sino ang Kumukuha ng Pagsusulit na Ito?

Noong irehistro mo ang iyong anak para sa paaralan, itinala mo ang pangunahing wika na hindi Ingles. Kukunin ng iyong anak ang Initial ELPAC para malaman kung kailangan nila ng karagdagang suporta sa silid-aralan habang nag-aaral ng Ingles.



Bakit Kinukuha ng mga Estudyante ang Pagsusulit na Ito?

Tutulong ang Initial ELPAC na matukoy kung kailangan ng iyong anak ng tulong sa pag-aaral ng Ingles. Susubukan ang kasanayan ng mga estudyante sa pakikinig, pagsasalita, pagbabasa, at pagsusulat, na magbibigay ng impormasyon sa guro ng iyong anak tungkol sa mga larangan kung saan nangangailangan ng dagdag na tulong ang iyong anak.

Kailan Kinukuha ng mga Estudyante ang Pagsusulit na Ito?

Ibinibigay sa mga estudyante ang Initial ELPAC sa loob ng 30 araw pagkatapos nilang mag-enroll sa paaralan sa California. Makakatanggap ka ng karagdagang impormasyon mula sa paaralan ng iyong anak kung kailan ibibigay ang pagsusulit.

Paano Kinukuha ng mga Estudyante ang Pagsusulit na Ito?

Isa itong di-inoorasang pagsusulit na gagawin sa computer, pero may makukuhang tulong para sa mga estudyante na hindi kayang gumamit ng computer nang mag-isa. Ibinibigay ang pagsusulit sa mga estudyante sa baitang 3–12 sa maliliit na grupo maliban sa pagsasalita, na ibinibigay nang isahan. Ang mga estudyante sa kindergarten hanggang baitang 2 ay magsusulit nang isa-isa para sa buong pagsusulit, bagaman ang pagsusulat ay maaaring isagawa sa maliliit na grupo sa mga estudyante sa baitang 2.

Anong mga Materyales ang Makukuha?

Magkaka-access ang iyong anak sa mga materyales na kailangan nila kapag kinukuha ang mga pagsusulit na ito, gaya ng highlighter, notepad, o scratch paper. Tumutulong ang mga materyales na ito para ma-access ng mga estudyante ang pagsusulit at hindi nakakaapekto sa mga iskor ng mga estudyante sa anumang paraan. Pwede mong kausapin ang guro ng iyong anak tungkol sa iba pang makukuhang materyales na maaaring makatulong sa iyong anak, at tungkol sa mga kasanayan ng iyong anak sa pakikinig, pagsasalita, pagbabasa, at pagsusulat para masuportahan ang pagkatuto nila.

Paano Ko Matutulungan ang Anak Ko?

- Ipaalala sa iyong anak na gusto mo at ng kaniyang guro na gawin niya ang kaniyang buong makakaya at nariyan ka para tulungan siya sa bawat pagkakataon.
- Magpunta sa website ng Starting Smarter para mas maunawaan ang Mga Ulat sa Iskor ng Estudyante, suriin ang mga halimbawang tanong, at i-access ang mga materyales para suportahan ang pagkatuto ng iyong anak.
- Kumuha ng praktis na pagsusulit kasama ang iyong anak mula sa CAASPP at ELPAC Practice and Training Tests web page.

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa mga iskor ng iyong anak, makipag-ugnayan sa guro ng iyong anak at/o sa opisina ng paaralan.

Marso 2025